# Pamagitanang Proteksiyon sa Bata



## Ano ang Pamagitanang Proteksiyon sa Bata?

Ang mga pamagitanan ay isinasagawa kung saan ang mga magulang, mga manggagawang panlipunan, at iba pang tagasuporta ay nagtutulungan upang talakayin ang mga hindi mapagkasunduan at gumawa ng mga plano ukol dito. Ito ay pinangungunahan ng mga tagapamagitan na humihikayat na magkaroon ng komunikasyon at tumutulong sa pagresolba ng anumang hidwaan.



## Ano ang mga benepisyo ng Pamagitanang Proteksiyon sa Bata?



Nakapagbabahagi ng mga opinyon at nakikiisa sa pagbuo ng desisyon



Nilulutas ang hidwaan



Pinabubuti ang komunikasyon sa pagitan ng mga tao



Binabawasan ang oras sa korte




Nakabubuo ng kasunduan na may legal na bisa

MediateBC

# Mga Madalas Itanong



## Kailan maaaring gamitin ang Pamagitanang Proteksiyon sa Bata?




- Anumang oras kung ito ay para sa kapakanan ng bata
- Maaari kang magkaroon ng maraming tagapamagitan

## Magkano ang gagastusin sa Pamagitanang Proteksiyon sa Bata?



- Libre ito sa lahat ng kalahok
- Ang ilang gastusin (tulad ng pag-aalaga, transportasyon, at teknolohiya) ay maaaring sagutin ng iyong manggagawang panlipunan

## Paano magsisimula ng Pamagitanang Proteksiyon sa Bata?



Maaari mong:

- Sabihan ang nakatalagang manggagawang panlipunan na interesado ka sa pamagitanan
- Kontakin ang Mediate BC sa 1-877-656-1300 ext. 102
- Direktang kontakin ang tagapamagitan. Tingnan dito kung sino ang maaaring kontakin: www.mediatebc.com/find-a-mediator/child-protection-roster
- Humingi ng tulong sa isang tagasuporta o sa isang abogado
- Kontakin ang Nabegador sa Mediate BC sa 1-877-656-1300 ext. 104 o navigator@mediatebc.com